Ang Mga Tungkulin Saserdote Yugto 4
Ang Pamilya ni Jacob

Ang pamilya ay isang pangunahing pangkat ng simbahan at ng lipunan. Dati nating tinalakay ang mga sumusunod na pamilya:

A. Ang pamilya ni Adan:
B. Ang pamilya ni Enoch:
C. Ang pamilya ni Noah:
D. Aang pamilya ni Abram:
E. Ang pamilya ni Lot:
F. Ang pamilya ni Isaac:

Ipagpatuloy natin:

G. Ang Pamilya ni Jacob: Mula kay Isaac at Rebeka, si Jacob ay lumabas bilang matuwid na binhi na ibinilang ng Dios upang magdala ng Kanyang Salita ng katotohanan sa sanglibutan at sa susunod na mga henerasyon. Si Jacob ay nakinig sa payo ng mga magulang na huwag mag asawa sa isang Cananeiong babae bagkus magkaroon ng isang asawa mula sa pamilya ng kanyang ina. ***"1 At tinawag ni Isaac si Jacob, at siya'y binasbasan, at siya'y pinagbilinan, na sinabi sa kaniya, Huwag kang magaasawa sa mga anak ng Canaan. 2 Tumindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Bethuel, na ama ng iyong ina, at magasawa ka roon sa mga anak ni Laban, na kapatid na lalake ng iyong ina. 3 At ikaw ay pagpalain nawa ng Dios na Makapangyarihan sa lahat, at ikaw ay palaguin, at ikaw ay paramihin, upang ikaw ay maging kapisanan ng mga bayan; 4 At ibigay nawa sa iyo ang pagpapala kay Abraham, sa iyo, at sangpu sa iyong binhi; upang iyong ariin ang lupaing iyong pinaglakbayan, na ibinigay ng Dios kay Abraham. 5 At pinapagpaalam ni Isaac si Jacob: at naparoon siya sa Padan-aram kay Laban, anak ni Bethuel na taga Siria, na kapatid ni Rebeca, na ina ni Jacob at ni Esau." (Genesis 28:1-5) "10 At umalis si Jacob sa Beerseba at napasa dakong Haran. 11 At dumating sa isang dako, at nagparaan ng buong gabi roon, sapagka't lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa dakong yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa dakong yaon upang matulog. 12 At nanaginip, at narito, ang isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay umaabot sa langit; at narito, ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik manaog doon. 13 At, narito, ang Panginoon ay nasa kataastaasan niyaon, at nagsabi, Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac: ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi; 14 At ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at kakalat ka sa kalunuran, at sa silanganan, at sa hilagaan, at sa timugan at sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa. 15 At, narito't ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon, at pababalikin kita sa lupaing ito sapagka't hindi kita iiwan hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo." (Genesis 28:10-15)*** Sa kanyang daraanan ang Panginoong Dios ni Abraham at Isaac, JesuCristo, ang Anak ng Dios, ang buhay na Salita ay nagpakita sa isang panaginip at pinagtibay ang Kanyang pangako sa kanyang mga ninuno. ***"16 At nagising si Jacob sa kaniyang panaginip, at nagsabi, Tunay na ang Panginoon ay nasa dakong ito, at hindi ko nalalaman. 17 At siya'y natakot, at kaniyang sinabi, Kakilakilabot na dako ito! ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit. 18 At si Jacob ay bumangong maaga ng kinaumagahan, at kinuha ang batong kaniyang inilagay sa ulunan niya, at kaniyang itinayo na pinakaalaala, at kaniyang binuhusan ng langis sa ibabaw. 19 At ang ipinangalan niya sa dakong yaon ay Betel: datapuwa't ang pangalan ng bayan nang una ay Luz. 20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios, 22 At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo." (Genesis 28:16-22)*** Nang si Jacob ay nagising sa kanyang panaginip ipinangako niya ang kanyang buhay sa Panginoon at gumawa ng isang panata sa Dios. Ang pagkapanginoon ng Dios sa buhay ni Jacob ay ipinarating sa kanyang ginawa sa lugar na yaon. Narinig at nakita ni Jacob ang Panginoon na nagsalita sa Kanya. Si Jacob ay nag-iisa sa lugar na yaon ngunit kanyang ipinahayag ang kaniyang pagsamba sa Dios. Tinawag niya ang lugar na ***"Bethel"*** na ibig sabihin ang tahanan ng Dios. Ipinangako ni Jacob na ibibigay ang lahat ng ikapu na ibibigay sa kanya ng Dios hangga't siya ay mabibiyayaan at mananatiling ligtas.

Kabaligtaran sa anong naranasan at naipanata ni Jacob, ang Simbahan ng Dios sa Bagong Testamento ay ang Bethel kung saan ang tunay na sumasamba ay nakikilala ang Dios, nararanasan ang Dios, at tinututupad ang kanilang mga pangako sa Dios.

1. "Ang PANGINOON ang magiging aking Dios": Ang mga salitang ito ay nagpapahayag na ang pagka Panginoon ng Dios sa buhay ng mga sumasamba. Ang salitang ***"PANGINOON"*** ay nangangahulugang panginoon, kaya't dapat ang Dios ang maging panginoon at masunod at maparangalan sa bawat lugar ng mga mananambahan, buhay-pagaasawa, gawain, at paglilingkod. Ang Panginoong Dios ay dapat mamuno sa buhay ng mga sumasamba at dakilain sa pang araw-araw na buhay ng tao.

2. "At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios": Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng pangako ng sumasamba upang maging bahagi sa simbahan ng Dios. Ang simbahan ay ang pamilya ng Dios at ang mga kasapi ay ang kasambahay ng Dios. Ang nanambahan ay ipinangako ang kanyang buhay sa Dios at sa kanyang simbahan kung saan maglilingkod sa Dios, at tutulong sa pagpapatatag ng bayan ng Dios.

3. "At sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo": Ang lahat ng tulong na natatanggap ng isang sumasamba ay kailangan mag ikapu sapagkat ang Dios ang pinagkukunan ng lahat. Si Jacob ay nangakong mag iikapu ng lahat upang kilalanin na ang Dios lamang ang maaring magtanggol sa kanya. Ang Dios lamang ang maaaring magbigay sa kanya, at ang Dios lamang ang maaring magpaulad sa kanya. Tunay na ang Dios ang nagpala sa paglalakbay ni Jacob. Binigyan siya ng Dios ng isang angkop na asawa si Lea, ngunit hindi siya nasiyahan sa pinili ng Dios sa kanya kaya kinuha niya si Rachel, ang kapatid ng kanyang asawa bilang karagdagan kay Lea. Huwag gawin ang ganon at mag-asawa sa iyong pinili at tanggihan ang ibinigay sa iyo ng Dios. Si Jacob ay naglingkod sa kanyang tiyuhing si Laban, na maraming ulit siyang nilinlang, sa loob ng dalawang pung taon. Sa huli, si Jacob ay bumalik sa tahanan bilang ang Dios ay inutusan siya kasama ng kanyang malaking pamilya, ngayon isang magandang bilang ng simbahan ng Dios. Sa kanyang paglalakbay pabalik ipinagtanggol siya ng Dios mula sa mga kamay ng kanyang tiyuhing si Laban, at nang siya'y dumating sa kanyang lugar ipinagtanggol siya ng Dios mula sa kanyang kapatid na si Esau na nais maghiganti sa kanya. ***"18 At dumating si Jacob na payapa sa bayan ng Sichem, na nasa lupain ng Canaan, nang siya'y manggaling sa Padan-aram; at siya'y humantong sa tapat ng bayan. 19 At binili ang pitak ng lupa na pinagtayuan ng kaniyang tolda, sa kamay ng mga anak ni Hamor, na ama ni Sichem, ng isang daang putol na salapi. 20 At siya'y nagtindig doon ng isang dambana, at tinawag niyang El-Elohe-Israel." (Genesis 33:18-20)*** Itinayo ni Jacob ang dambana sa ichem at nag alinlangan sa kanyang ipinangako sa Dios na kung ang Dios ay pagpapalain siya ay babalik sa Bethel at itatayo ang isang dambana roon. Ang kawalan ng pangako ni Jacob ay nagdala ng mga kaguluhan sa buhay ng kanyang pamilya. ***"1 At lumabas si Dina na anak ni Lea, na ipinanganak nito kay Jacob, upang tingnan ang mga anak na babae ng lupaing yaon. 2 At siya'y nakita ni Sichem, anak ni Hamor, na Heveo, na prinsipe sa lupain; at siya'y kinuha at sumiping sa kaniya, at siya'y pinangayupapa. 3 At inilakip niya ang kaniyang kaluluwa kay Dina, na anak ni Jacob at kaniyang sininta ang dalaga, at nakiusap ng kalugodlugod sa dalaga. 4 At si Sichem ay nagsalita sa kaniyang amang kay Hamor, na sinabi, Ipakamit mo sa akin ang dalagang ito na maging asawa ko. 5 Nabalitaan nga ni Jacob na dinahas ang kaniyang anak na si Dina; at ang kaniyang mga anak ay nasa kasamahan ng mga hayop niya sa parang: at tumahimik si Jacob hanggang sa sila'y dumating. 6 At nilabas ni Hamor na ama ni Sichem si Jacob upang makiusap sa kaniya. 7 At ang mga anak ni Jacob ay nagsiuwi mula sa parang nang kanilang mabalitaan: at nangagdamdam ang mga lalake, at nagningas ang kanilang galit, sapagka't gumawa ng kaululan sa Israel, na sinipingan ang anak ni Jacob; bagay na di nararapat gawin. 8 At nakiusap si Hamor sa kanila, na sinasabi, Ang kaluluwa ni Sichem na aking anak ay sumasa iyong anak; ipinamamanhik ko sa inyo na ipagkaloob ninyo sa kaniya na maging asawa niya. 9 At magsipagasawa kayo sa amin; ibigay ninyo sa amin ang inyong mga anak na babae, at ibibigay namin sa inyo ang aming mga anak na babae. 10 At tatahan kayong kasama namin; at ang lupain ay sasa harap ninyo; tumahan kayo at mangalakal kayo riyan at magkaroon kayo ng mga pag-aari riyan. 11 At sinabi ni Sichem sa ama ni Dina, at sa mga kapatid niya, Makasundo nawa ako ng biyaya sa inyong mga mata at ang sabihin ninyo sa akin ay aking ibibigay. 12 Hingin ninyo sa akin ang walang bilang na bigay-kaya at kaloob, at aking ibibigay ayon sa sabihin ninyo sa akin; ipagkaloob lamang ninyo sa akin ang dalaga na maging asawa ko. 13 At nagsisagot na may pagdaraya ang mga anak ni Jacob kay Sichem at kay Hamor na kaniyang ama, at sila'y nagsalitaan, sapagka't kaniyang dinahas si Dina na kanilang kapatid. 14 At sinabi niya sa kanila, Hindi namin magagawa ito, na ibigay ang aming kapatid sa isang hindi tuli; sapagka't isang kasiraan ng puri namin. 15[5] Sa ganitong paraan lamang papayag kami sa inyo: kung kayo'y magiging gaya namin, na mangatuli ang lahat ng lalake sa inyo; 16 Ay ibibigay nga namin sa inyo ang aming mga anak na babae, at makikisama kami sa inyong mga anak na babae,***

at tatahan kami sa inyo, at tayo'y magiging isa lamang bayan. 17 Datapuwa't kung ayaw ninyo kaming pakinggan, na kayo'y mangatuli; ay dadalhin nga namin ang aming anak na babae at kami ay yayaon. 18 At ang kanilang mga salita ay kinalugdan ni Hamor at ni Sichem, na anak ni Hamor. 19 At hindi iniliban ng binata ang paggawa niyaon, sapagka't nalugod siya sa anak na babae ni Jacob: at siya ang pinarangalang higit sa buong sangbahayan ng kaniyang ama. 20 At si Hamor at si Sichem na kaniyang anak ay napasa pintuang-bayan ng kanilang bayan, at sila'y nakiusap sa mga tao sa kanilang bayan, na sinasabi. 21 Ang mga taong ito ay tahimik sa atin; kaya't magsitahan sila sa lupain at magsipangalakal sila riyan; sapagka't narito, ang lupain, ay may malabis na kaluwangan sa kanila; tayo'y makisama sa kanilang mga anak na babae, at ating ibigay sa kanila ang ating mga anak. 22 Sa ganito lamang paraan papayagan tayo ng mga taong iyan, sa pagtahan sa atin, na maging isa lamang bayan, kung patuli ang lahat ng lalake sa atin, na gaya naman nila na mga tuli. 23 Di ba magiging atin ang kanilang mga baka at ang kanilang mga pag-aari at ang lahat nilang hayop? Atin lamang silang payagan, at tatahan sa atin. 24 At pinakinggan si Hamor at si Sichem na kaniyang anak, ng lahat na lumalabas sa pintuan ng kaniyang bayan; at ang lahat ng lalake ay nagtuli, ang lahat ng lumalabas sa pintuan ng kaniyang bayan. 25 At nangyari, nang ikatlong araw, nang sila'y nangasasaktan, na ang dalawa sa mga anak ni Jacob, si Simeon at si Levi, na mga kapatid ni Dina, na kumuha ang bawa't isa ng kaniyang tabak, at sila'y lihim na pumasok sa bayan, at kanilang pinatay ang lahat ng mga lalake. 26 At kanilang pinatay si Hamor at si Sichem na kaniyang anak, sa talim ng tabak, at kanilang kinuha si Dina sa bahay ni Sichem, at sila'y nagsialis. 27 Nagsiparoon ang mga anak ni Jacob sa mga patay, at kanilang sinamsaman ang bayan, sapagka't kanilang dinahas ang kapatid nila. 28 Kinuha nila ang kanilang mga kawan at ang kanilang mga bakahan, at ang kanilang mga asno, at ang nasa bayan, at ang nasa parang; 29 At ang kanilang buong yaman, at ang lahat ng kanilang mga anak, at mga asawa, ay dinala nilang bihag at samsam, sa makatuwid baga'y lahat na nasa bahay. 30 At sinabi ni Jacob kay Simeon at kay Levi, Ako'y inyong binagabag, na pinapaging mapagtanim ninyo ako sa mga tumatahan sa lupain, sa mga Cananeo, at sa mga Pherezeo; at akong may kaunting tao, ay magpipisan sila laban sa akin, at ako'y sasaktan nila; at lilipulin ako at ang aking sangbahayan. 31 At kanilang sinabi, Aariin ba niya ang aming kapatid na parang isang patutot?" (Genesis 34:1-31) Ang pamilya ni Jacob ay tinanggap ang kinahantungan ng pag-aalinlangan sa kanyang pangako patungo sa Dios. Si Dina na kanyang anak na babae ay lumabas kasama ng mga kababaihan ng lupain. Siya ay ipinakilala sa isang lalaki, na sa huli ay pinagsamantalahan siya, ang kanyang dalawang kapatid na lalaki na si Simeon at Levi ay naghiganti laban sa buong bayan ng Shechem sapagkat itinuring nila ang kanilang kapatid bilang isang patutot, ***"30 At sinabi ni Jacob kay Simeon at kay Levi, Ako'y inyong binagabag, na pinapaging mapagtanim ninyo ako sa mga tumatahan sa lupain, sa mga Cananeo, at sa mga Pherezeo; at akong may kaunting tao, ay magpipisan sila laban sa akin, at ako'y sasaktan nila; at lilipulin ako at ang aking sangbahayan." (Genesis 34:30)*** Karaniwan, ang pamilya ni Jacob, ay ang simbahan ngayon na nasa panganib. At ang dahilan ay si Jacob, na nakipagtunggali sa Dios. Ang pangalan ni Jacob ay napalitan ng ***"Israel"*** dahil siya'y nakipagtunggali sa Dios. Laging sinusubukan igiit na gawin ni Jacob ang kanyang sariling mga paraan. Pinabayaan niya ang kanyang panata sa Dios at hindi bumalik sa Bethel- sa tahanan ng Dios upang sumamba, ngunit nagtayo ng dambana sa Sichem. Sa Hebreo, ang salitang Sichem ay nangangahulugang **'likod'** o **'balikat'**, na parang isinantabi ni Jacob ang Dios at umasa at kinuha mula sa Sichem ang likod at baikat upang tulungan siya. Pinahintulutan ni Jacob ang mga tao sa sanglibutan. Inilantad niya ang kanyang pamilya sa makamundong mgatao at sa kanilang kinagawian sa Sichem. Si Jacob ay hindi naging masigasig upang protektahan ang kanyang pamilya na ibinigay ng Dios sa kanya. Hindi niya rin nilupig at dinisiplina ang kanyang mga anak batay sa Salita ng Dios. Kaya naman ang kanyang pamilya ay nalagay sa panganib. Ngayon si Jacob ay nawasak ang puso at natakot sa mga tao sa Sichem ay kinailangang manumbalik. At ipinaalala ng Dios kay Jacob ang kanyang pangako at tipan sa Dios***. "1 At sinabi ng Dios kay Jacob, Tumindig ka, umahon ka sa Bethel, at tumahan ka roon; at gumawa ka roon ng isang dambana sa Dios na napakita sa iyo nang ikaw ay tumatakas mula sa harap ng iyong kapatid na si Esau." (Genesis 35:1)*** Nang magkagayo'y si Jacob ay totoong nagsisi sa kanyang ginawa at napagtanto na kung paanong ang kanyang pamilya ay napahamak nang pinabayaan niya ang Salita ng Dios at ang kanyang panata sa Dios. ***"2 Nang magkagayo'y sinabi ni Jacob sa kaniyang sangbahayan, at sa lahat niyang kasama. Ihiwalay ninyo ang mga dios ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo, at magbago kayo ng inyong mga suot: 3 At tayo'y magsitindig at magsisampa tayo sa Bethel; at gagawa ako roon ng dambana sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran. 4 At kanilang ibinigay kay Jacob ang lahat ng ibang pinaka dios na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa kanilang mga tainga; at itinago ni Jacob sa ilalim ng punong encina na malapit sa Sichem. 5 At sila'y naglakbay; at ang isang malaking sindak mula sa Dios ay sumabayan na nasa mga palibot nila, at hindi nila hinabol ang mga anak ni Jacob." (Genesis 35:2-5 KJV)*** Makikita mo nang malinaw ang mga epekto ng Sichem sa pamilya ni Jacob; ang mga diosdiosan sa kanilang mga kamay, ang kanilang mga hikaw at ang pagkaalipin na ipinataw nila sa kanilang sarili; na lahat ay kailangan nilang talikuran at ibigay sa kanilang ama na itinago ang mga

ito sa ilalim ng puno ng oak. Kailangan nilang linisin ang kanilang sarili at palitan ang kanilang mga damit na hindi angkop para sa mga tao ng Dios. Kaya, at sa parehong paraan, linisin ang inyong pamilya at mga anak mula sa mga mobile, gadgets, play stations sa mga kamay ng inyong mga anak at kabataan, na mga mapanganib na bagay na dapat ninyong agad na alisin sa kanilang mga kamay at mata. Dapat ninyo silang linisin sa pamamagitan ng Salita ng Dios at ilagay sa kanilang mga kamay ang Bibliya upang basahin araw-araw sa kanilang mga mata. Gayundin, ang inyong pananamit at ang pananamit ng inyong mga anak ay dapat disente upang hindi ipakita ang mga bahagi ng inyong katawan sa publiko.

Sa aking Mahal at Minamahal: Lumapit ngayon sa Dios, Pagka't pinapansin ang lahat ng mga tagubilin, ang pagtuturo at ang babala na inyong natanggap sa mensaheng ito, pagkatapos ay italaga ang inyong sarili sa mga sumusunod:

• Italaga ang inyong sarili sa Dios at tanggapin si Jesus na inyong Tagapagligtas bilang PANGINOON sa inyong buhay.
• Italaga ang inyong sarili na maglingkod sa Dios sa Kanyang bahay, ang Simbahan ng Dios
• Italaga ang inyong sarili na dalhin ang inyong ikapu, inyong handog at unang bunga sa Kanyang bahay
• Huwag kailanman gawin ang sariling kagustuhan sa pamamagitan ng pakikipag-asawa sa kahit sino na inyong gusto at tanggihan ang ibinigay sa inyo ng Dios.
• Huwag kailanman pabayaan ang gawin ang inyong ipinangako sa Dios
• Huwag sumama sa mga makamundong lugar tulad ng Sychem kung nararapat ay nasa Betel kayo.
• Huwag makiisa sa mga tao ng mundo at ilantad ang inyong pamilya sa mga taong makamundo na makasasama sa kanila.
• Maging maagap sa pagprotekta sa pamilya na ibinigay sa iyo ng Dios.
• Pamahalaan, kontrolin at disiplinahin ang inyong mga anak ayon sa Salita ng Dios, upang ang inyong pamilya ay hindi madala sa kapahamakan.
• Magpakumbaba at magsisi at simulang gawin ang inyong ipinangako kapag pinaaalalahanan kayo ng Dios sa inyong tungkulin at tipan sa Kanya.
• Alisin ang mga idolo at mga kakaibang dios sa buhay ng inyong mga anak; tulungan silang maging malaya mula sa lahat ng kanilang pagkakabihag at pagkaalipin sa diyablo at malinis mula sa kanilang mga kasalanan.
• Baguhin ang iyong pamumuhay, pati na rin ang pamumuhay ng iyong pamilya at mga anak at iwasan ang lahat ng makamundong bagay.
• Alisin ang mga mobile phone, gadgets, play station sa mga kamay at mata ng inyong mga anak at kabataan.
• Ang iyong pananamit at pananamit ng inyong mga anak ay dapat maayos at hindi nagpapakita ng bahagi ng katawan sa publiko.
• Ilagay ang Bibliya sa mga kamay at mata ng inyong mga anak at araw-araw basahin at ipaliwanag sa kanila ang Salita ng Dios, lumuhod at manalangin sa Dios at patuloy silang paalalahanan ng kanilang mga responsibilidad sa Dios.

Manalangin tayo…

Ang aking Panalangin: *Amang Dios, ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa lahat ng Iyong mga pagpapala at sa Iyong proteksyon sa akin. Panginoon, salamat po sa lahat ng mga pagpapayo at pangangaral at mga pagtutuwid na aking natanggap sa mensaheng ito mula sa buhay ni Jacob. Panginoon, salamat po sa pagbukas ng aking mga mata upang makita ang panganib na nilagay ko ang aking sarili at ang aking pamilya, at salamat po sa babala at paalala na aking natanggap na magsisi, itama ang aking sarili at lumayo sa maling lugar na aking kinalalagyan.*

Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagsuway, pagiging matigas ang ulo, at paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Ipagtapat at talikdan ang iyong makamundong pagnanasa at ang iyong pagmamahal sa mga bagay sa mundo. Ipagtapat na nilabag mo ang iyong panata at pangako sa Dios at sa Kanyang simbahan at ang kakulangan mo sa pagbibigay ng ikapu at paglilingkod sa Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalang-pasasalamat sa Diyos. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikipag-ugnay sa mga hindi nananampalataya at mga kaibigan, at ang pagkaalipin mo sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan sa disiplina sa iyong mga anak, ang iyong masamang halimbawa, at ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi

ako sa mga sumusunod na kasalanan _____,

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na umakyat at bumalik sa kung saan ako nararapat upang matupad ko ang aking ipinangako sa Iyo. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na lumabas sa lahat ng makamundong bagay at hilahin ang aking pamilya at mga anak mula sa mundo, at disiplinahin sila at linisin sila mula sa Media, laro, banta ng kalaswaan at iba pang tanikala na maaaring makasangkot sila. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na huwag gawin ang aking sariling plano kundi ang iyong plano at kalooban. Panginoon, patatagin mo ako at bigyan ng lakas at tapang upang gawin ang mismong kalooban mo.

Panginoon, salamat po sa aking mga Kapatid na nagbago sa kanilang mga kasalanan, at nagtaguyod sa kanilang mga pangako sa iyo. Panginoon, pagpalain mo po ang mabubuting gawa na kanilang ginagawa para sa iyo sa kanilang mga pamilya at sa kanilang mga anak. Panginoon, gamitin mo ang kanilang mga patotoo bilang magandang halimbawa para sa iba na sumunod sa iyo. Panginoon, ingatan mo sila at pagkalooban mo sila upang patuloy silang maglingkod sa Iyo. Panginoon, basbasan mo rin po kami bilang iyong simbahan habang itinataguyod namin ang aming sarili upang ipagpatuloy ang pagtuturo sa aming mga miyembro at manggagawa ng iyong Salita at upang ipatupad ito sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang mga pamilya. Panginoon, hinihiling po namin na tulungan mo kami sa lahat ng aming ginagawa. Panginoon, hinihiling po namin na puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ipadala sa amin ang mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy sa pag-enagelio, gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtayo ng bagong pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 4. Ang Pamilya ni Jacob. Genesis 28:1-5. 10-22 Genesis 33:18-20. Genesis 34:1-30. Genesis 35:1-7.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Dios
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa:www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.
Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.
Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:

AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com